# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 39 BILANG 3 | BASAHIN AT TALAKAYIN | MARSO 2019


EDITORYAL

## Makatarungang digma ang ipagtatagumpay ng BHB para sa pambansang paglaya

Isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan ang makatarungang digma upang kamtin ang tunay na kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Nahihibang si Duterte sa pag-aakalang isang pag-atras para sa rebolusyonaryong kilusan ang ginawa nitong tuluyang pagbubuwag ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP.

Higit na nalantad ang mapandigmang kalikasan ni Duterte sa arbitraryong pagkakansela nito ng usapang pangkapayapaan. Mula noong umupo ito sa estado-poder, wala kailanman sa hinagap nitong kamtin ang isang kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan. Tanging ang pagsuko ng rebolusyonaryong kilusan lamang ang hinangad nito sa pagharap sa *peace talks*.

Sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan isang hamon sa Pulang hukbo ang patuloy na magpunyagi sa pagsusulong ng digmang bayan. May usapang pangkapayapaan man o wala, nakahanda ang Partido Komunista ng Pilipinas, BHB at rebolusyonaryong mamamayan na isulong ang demokratikong rebolusyon hanggang tagumpay.

Kung sa nakalipas na mga taon, hindi kailanman natalo at nalipol ng mga nagdaan at kasalukuyang rehimen ang Bagong Hukbong Bayan sa kalagayang mahina at maliit pa ito, ngayon pang nakalatag na ang lakas nito sa buong bayan at kasalukuyang tinatamasa nito ang suporta ng mamamayang Pilipino. Matatag na nakatindig ngayon ang Pulang hukbo na gampanan ang pangunahing papel nito sa demokratikong rebolusyong bayan at kamtin ang higit pang mga tagumpay. Nakapusisyon ngayon ang BHB sa isang paborableng kalagayan upang isulong ang digmang bayan hanggang sa ganap na paglaya.



# KALATAS

Marso 2019
TOMO 39 BILANG 3

NILALAMAN

1 Editoryal: Makatarungang digma ang ipagtatagumpay ng BHB para sa pambansang paglaya!

3 Tiyak ang tagumpay! Panayam kay Ka Diego Padilla

5 Buhay Pulang kumander: Rebolusyonaryong pakikibaka ni Ka Rodel

7 Tinapay at kapayapaan! Rebolusyon lamang ang magpapalaya sa lahat ng kasarian

9 Katas ng tubo: Pagsasamantala at liberalisasyon sa industriya ng asukal

10 Buwan ng BHB, ipinagdiwang sa TK

11 Balitang TO,

Kilos Protesta

12 Kultura: Cherish the People's Army

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*

*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*
*st.kalatas@gmail.com*

*balikwastk.wordpress.com*

Nagpupunyagi ang Bagong Hukbong Bayan sa pagsusulong ng digmang bayan sa buong kapuluan upang ipakita ang armadong lakas ng mamamayan na siyang muog ng kanilang rebolusyonaryong paglaban. Sa kasalukuyan, ito na ang pinakamalaki at pinakamalakas na hukbo ng proletaryong Pilipino at iba pang inaaping mamamayan sa bansa. Pinanday ito ng 50 taong pagsusulong ng armadong pakikibaka sa buong kapuluan. Hinarap nito ang mga hindi mabilang at masukat na sakripisyo't kahirapan upang makamit lamang ang napakaraming tagumpay sa mga nakalipas na taon.

Isang rebolusyonaryong hukbo ang BHB na hinubog ng digmang bayan at ng puspusang paglaban sa kasalukuyang malapyudal at malakolonyal na sistema ng lipunan. Sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, patuloy na binibigwasan ng BHB ang reaksyunaryong armadong pwersa ng AFP-PNP-CAFGU sa lahat ng larangan ng digmaan. Laging nasa unahan at bag-as ng hukbong bayan ang Partido na siyang nagtatakda ng rebolusyonaryong linya nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Sa Timog Katagalugan, isinusulong ng Melito Glor Command at mga yunit ng BHB sa ilalim nito ang armadong pakikibaka na tumutugon sa karaingan ng mamamayan ng rehiyon. Sa kasaysayan, natamo ng MGC-BHB TK ang prestihiyo nito sa rehiyon na kailanma'y hindi mapapasubalian ng mga naghaharing-uri. Ganun na lamang ang takot ng mga naghaharing-uri sa BHB na kailangan nilang busugin sa pera at mga modernong kagamitang pandigma ang kanilang reaksyunaryong hukbo upang protektahan lamang ang kanilang mga interes laban sa mga opensibang atake ng Pulang hukbo. Sa kabilang banda, patuloy na ipinagdiriwang ng masang anakpawis ang bawat bigwas ng BHB laban sa AFP-PNP-CAFGU na patama sa haligi ng reaksyunaryong gubyerno, pangunahing instrumento ng imperyalismong US, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa upang dahasin ang mamamayan.

Nananatiling mataba ang lupa sa rehiyon para sa pagsusulong ng armadong pakikibaka na siyang pangunahing porma ng pakikibaka ng mamamayan. Kung wala ito, hindi magtatagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan. Kaya't nararapat na nagsisilbi ang lahat ng porma ng paglaban sa paglakas ng armadong rebolusyon, sa paglakas ng BHB. Ang bawat tagumpay na nakakamit ng mga rebolusyonaryong base sa TK ay para sa higit na paglakas ng BHB sa rehiyon.

Ang sukatan ng isang baseng lumalaban ay ang dami ng napapasampa nitong pultaym na Pulang mandirigma sa hukbong bayan. Madaling mawala ang tagumpay na nakakamit ng mga rebolusyonaryong base kung hindi lumalaki at lumalakas ang Pulang hukbo. Napatunayan na ng rebolusyonaryong karanasan ng mamamayan na ang BHB ang kanilang pangunahing sandata upang protektahan ang kanilang mga tagumpay laban sa hambalos ng mersenaryong AFP-PNP-CAFGU. Kaya't malinaw sa sambayanan ang mga tinuran ni Mao Zedong na "kung wala ang hukbong bayan, wala ni anuman ang mamamayan."

Kung gera ang ninanais ni Duterte, tiyak na isang digmaan ang ipapamalas sa kanya ng mamamayan sa pamamagitan ng kanilang tunay na hukbo. Sa huli ang makatarungang digmaang inilulunsad ng mamamayan kasama ang BHB ang magbabagsak sa pasistang paghahari ni Duterte upang kamtin ang isang lipunang tunay na malaya at demokratiko. K

# Tiyak ang tagumpay!

## Panayam kay Ka Diego Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK

Sa pagdiriwang ng ika-50 taong anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan ay kinapanayam ng Kalatas si Ka Jaime "Diego" Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB Timog Katagalugan, hinggil sa pinakahuling apdeyt sa *peace talks* sa pagitan ng GRP at CPP-NPA-NDF at mga gintong aral mula sa 50 taong pag-iral ng BHB.




Narito ang buong panayam ng Kalatas kay Ka Diego.

**Kalatas (K):** Kamakailan ay binuwag ni Duterte ang opisina ng GRP *peace panel* at matapos noon ay idineklarang permanente nang tapos ang *peace talks* sa pagitan ng GRP at CPP-NPA-NDF sa ilalim ng kanyang rehimen. Ano ang inyong reaksyon sa pinakahuling kaganapan sa *peace talks*?

**Ka Jaime "Diego" Padilla:** Malabo na ang *peace talks* sa panahon ni Duterte. Ang pagbuwag sa GRP *peace panel* ay deklarasyon ng tahasang pagtalikod ng rehimen sa usapang pangkapayaan. Bukas pa rin tayo sa *peace talks* pero hindi sa panahon ng hambog at mayabang na si Duterte. Hintayin na lang natin ang bagong reaksyunaryong gubyerno na seryoso sa paglutas ng limang dekadang makauring armadong tunggalian.

**K:** Ngayong wala ng *peace talks* ay tiyak na magiging mas malupit ang kontra-rebolusyunaryong gera ng rehimeng US-Duterte. Paano pinaghahandaan ng Melito Glor Command ang mas matitinding atake mula sa AFP-PNP-CAFGU at rehimeng US-Duterte?

**Ka Diego:** Ang reaksyunaryong estado at ang buong makinaryang panseguridad nito ay sadyang mahirap pagkatiwalaan. Sa ating karanasan sa kanila, kahit ano pang *unilateral* at *bilateral ceasefire* ang kanilang pirmahan at ipahayag ay walang tigil ang kanilang ginagawang paglabag dito. Kesyo may "*peace and development" operations, police operations, combat operations* o *civil-military operations* na maituturing nang normal sa kanila.

Dahil sa ginawang ito ni Duterte, walang ibang dapat gawin ang rebolusyunaryong kilusan kundi harapin ang rehimeng Duterte at gumamit ng rebolusyunaryong dahas upang ipagtanggol at pangalagaan ang ating rebolusyunaryong pwersa at mamamayan.

Dapat maging alerto at mapagmatyag ang Bagong Hukbong Bayan sa karahasan ng reaksyunaryo at mersenaryong AFP-PNP laban sa rebolusyunaryong kilusan at mamamayan. Paghandaan at ilagay natin ang rebolusyunaryong pwersa sa *combat footing* upang biguin ang anumang balak ng estado na wasakin at durugin ang ating hanay. Gawing tuluy-tuloy ang mga ilulunsad na opensibang militar sa lahat ng larangan upang biguin ang obsesyon ng rehimen na tapusin ang NPA sa buong 2019 hanggang sa 2022.

**K:** Ngayong Marso ay ipinagdiriwang natin ang ika-50 taon ng BHB. Anong mga aral mula sa 50 taon ng armadong pakikibaka ang dapat na isapuso ng bagong henerasyon ng mga rebolusyunaryo, laluna ng mga nakababatang Pulang mandirigma?

**Ka Diego:** Ang 50 taong armadong pakikibaka ay puno ng mga makabuluhang aral mula sa mga positibo at negatibong karanasan na nagdala sa atin sa ibayong pagsulong. Dapat taglayin ng bawat isa sa atin partikular ng mga batang kadre at kasapi ng Partido, at mga Pulang kumander at mandirigma ang tunay na diwa ng walang pag-iimbot na paglilingkod sa mamamayan. Hindi dapat bitiwan ang paglulunsad ng mga pampartidong pag-aaral, mga paglalagom at laging pagdaraos ng pagpuna at pagpuna sa sarili upang mahanguan ng aral ang bawat rebolusyunaryong praktika.

Lagi nating isapuso ang paghawak sa tamang linyang pampulitikang itinakda ng ating Partido. Mahigpit na hawakan ang rebolusyunaryong teoryang gabay ng ating Partido—ang Marxismo-Leninismo-Maoismo. Malilihis tayo ng landas at mabibigo kung bibitiwan natin ang mga aral na itinuro ng mga dakilang lider at gurong komunista.

Ibayong katatagan at kahandaan sa pagsasakripisyo ang dapat taglayin ng bawat isa upang

makamit natin ang higit pang malalaking tagumpay sa darating na mga taon ng ating buhay-at-kamatayang pakikibaka. Mahalaga ang komitment ng bawat isa sa atin sa pagtanggap ng mga rebolusyunaryong tungkulin at atas.

**K:** Anu-ano ang mga pinakamalaki at pinakatampok na tagumpay na nakamit ng BHB sa 50 taong kasaysayan nito? Sa buong bansa at partikular dito sa rehiyon?

**Ka Diego:** Tampok na malaking tagumpay natin sa 50 taong nagdaan ang pagbigo natin sa anim na nakalipas na rehimen na lipulin at durugin ang NPA. Sa iba't ibang panahon sumulong, lumawak at lumakas ang mga larangan sa buong bansa. Sa loob ng 50 taong armadong pakikibaka hindi nagawa ng reaksyunaryong gubyerno na wasakin at durugin ang kahit isang larangan ng digma.

Higit pang lumawak at lumakas ang BHB sa buong bansa partikular sa Mindanao. Umabot na ang saklaw natin sa 71 sa 83 probinsya sa 17 rehiyon labas sa NCR na may libong Pulang kumander at mandirigma na handang lumaban sa pasistang pananalakay at ipagtanggol ang mamamayan mula sa iba't ibang karahasan at panunupil ng estado. Walang pagkahibas na suporta ang tinatamasa ng BHB mula sa sambayanang Pilipino.

Naitayo ang mga Organo ng Kapangyarihang Pampulitika (OKP) na gumagampan ng rebolusyunaryong pamamahala sa antas distrito, bayan at mga barangay sa lahat ng saklaw ng larangan ng digma. Masiglang naipatupad ang rebolusyong agraryo sa buong bansa sa iba't ibang antas, lawak at laki.

Sa rehiyong TK matagumpay na inilunsad ang rebolusyong agraryo sa mga erya na nakapailalim sa Pulang kapangyarihan. Libu-libo ang nagtatamasa ng tagumpay ng rebolusyong agraryo mula sa pagpawi sa usura, pagpapataas ng sahod at pagpapababa ng upa sa lupa, tersyong baliktad na partihan sa nyugan na pabor sa magsasaka, simpleng kooperasyon sa paggawa, kumpiskasyon sa lupain ng mga panginoong maylupa (PML) at pamamahagi ng lupang abandonado ng PML at estado sa mga maralitang magsasaka.

**K:** Ano ang pinakamalaking hamon na hinaharap ng Bagong Hukbong Bayan sa kasalukuyang yugto ng isinusulong nating digmang bayan?

**Ka Diego:** Malaking hamon sa atin ngayon at sa darating na panahon na makaigpaw ang digmang bayan tungo sa estratehikong pagkapatas. Ito ang garantiya natin upang maibagsak ang reaksyunaryong estado ng mga burgesya-kumprador, despotikong malalaking PML at mga burukrata-kapitalista at amo nitong imperyalistang US. Higit nating palakasin ang NPA sa pagrerekluta ng libu-libong mandirigma sa ating rehiyon at maglunsad ng papalaking opensibang militar at pagkumpiska ng mga sandata sa bawat labanan. Para makamit ang ibayong tagumpay hamon sa atin na laging tanganan ang mahigpit na pagkapit sa linyang masa at pagtataguyod sa interes ng sambayanan.

**K:** Bakit tiyak ang tagumpay ng BHB at ng rebolusyon?

**Ka Diego:** Tiyak na magtatagumpay ang BHB at rebolusyon dahil sa mahigpit nating pagtangan sa tamang linya ng pagsulong na itinakda ng ating dakilang Partido Komunista ng Pilipinas-MLM. Walang pagkasaid na bukal ng rebolusyon ang malawak na masa sa kanayunan at kalunsaran na laging handang lumahok sa armadong rebolusyon at magpasampa ng pinakamabubuti nilang anak sa BHB.

Patunay ang ating 50 taong pagrerebolusyon na tiyak ang ating pagtatagumpay. Matabang lupa para sa pagsusulong ng rebolusyon ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Labis-labis ang paghihirap ng mamamayan dulot ng mga neoliberal na patakaran ng imperyalismo.

Ang pasismo at tiraniya ng rehimeng US-Duterte na pinapakawalan ngayon laban sa mamamayang Pilipino ay patunay ng kalubhaan ng krisis ng lipunang Pilipino. Pabibilisin nito ang pagkabulok ng naghaharing sistema at itutulak ang mamamayan na lumaban. Ibabagsak ng gahiganteng kilusang masa sa kalunsuran kaalinsabay ang dumadagundong na malawakang opensibang militar ng mga yunit ng BHB sa kanayunan ang pasista at tiranikong paghahari ni Duterte. K



# Tiyak ang tagumpay!

## Buhay Pulang kumander: Rebolusyonaryong pakikibaka ni Ka Rodel

Buhay at kamatayang pakikibakang punung-puno ng sakripisyo ang sinusuong ng bawat kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Kasama ng pagtupad sa rebolusyonaryong tungkulin ang paglayo sa mga mahal sa buhay, pagdanas ng gutom at hirap upang harapin ang pasistang kaaway. Bukod pa rito ang hamong magpanibagong hubog sa balangkas ng rebolusyon at iangkop ang sarili sa buhay ng isang Pulang mandirigma.

Kung napakalaki ng hinihingi ng rebolusyon sa mga Pulang mandirigma ay higit na mas mabigat ang tungkulin na nakaatang sa mga Pulang kumander ng BHB. Kailangan ng Pulang kumander ng malakas na pangangatawan, matatag na pag-iisip at mahigpit na pagtangan sa rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo upang wasto niyang mapamunuan ang Pulang hukbo at maging isang huwaran sa lahat lahat ng mga kasama at mamamayan.

Sa harap ng mabibigat na atas at tumitinding digmaan, paano nga ba maging isang Pulang kumander? Ibinahagi ni Ka Rodel, Pulang kumander sa isang larangan sa TK, ang kanyang mga karanasan upang magbigay-aral at inspirasyon sa lahat na harapin nang buong tapang at determinasyon ang mga hamon ng armadong pakikibaka.

### Mga tungkulin at responsibilidad ng Pulang kumander

Bilang kumander, ang lagi mong iniisip ay tungkol sa sitwasyong militar, seguridad. Tapos 'yung gawaing militar, paano makakapaglunsad ng taktikal na opensiba (TO), paano mo ibubuwelo ang sarili mo para gampanan ang mga responsibilidad bilang opisyal militar. Para matiyak mo ang usapin sa seguridad dapat sa sarili mo, istrikto ka sa disiplinang militar--sa paggising, pagtulog tapos pagtitiyak na laging may bantay at alerto ang mga kasama. Sa panahon na may panganib, dapat ihanda ang sarili at tropa para sa paglaban. Sa panahon naman na ang ginagampanan ay gawaing militar, ang laging iniisip ng kumander, laluna't siya ang magdadala ng operasyon, ay ang paghahanda sa sarili sa mga posibilidad na pwedeng masugatan, pwedeng mamatay.

### Paghahanda sa mga mapanganib na gawain

Handa tayo sa panganib dahil lagi tayong handa na magbuwis ng buhay. Sa pagtupad sa gawain, laluna ng mga operasyong militar, normal na makaramdam ng tensyon, kaba. Sa pagpaplano o pagsisiyasat pa lang, halimbawa kung mabigat ang target, mararamdaman mo ang tensyon at kaba. Pero kapag naihanda ang sarili ay nawawala ang pangamba, masasabi mong "kaya ko ito." Kung handa ka sa mga posibleng mangyari tulad ng masugatan o mamatay ay hindi ka mahahadlangan sa gawain at maitutuloy mo ito.



### Karanasang nasugatan sa labanan

Ang isang karanasan ko ay sa isang depensiba. Inaasahan ko na may mga kasama pa sa kabilang pormasyon. Hindi ko rin narinig ang komand na umatras. Sa tindi ng putukan mahirap na ring makarinig. Kaaway na pala ang nasa pormasyon at pwesto. Doon ako tinamaan. Magtatatlong araw akong napahiwalay sa mga kasama.

Pagkakatama pa lang, inisip ko, wala na, tapos na, mamamatay na ako. Sa tantya ko ay malala yung sugat tapos patumba-tumba na ako. Nagpaabot na ako, nag-text, nagpaalam na. Tinanggap ko nang maging martir dahil wala akong pag-asang mabuhay kung makita ako ng kaaway. Hindi ako makaalis,

paipud-ipod na lang. Biruin mo yung lalakarin ng ilang minuto ginapang ko ng pitong oras!

Mabuting bagay na nakaligtas sa buong maghapon. Kinabukasan nakaligtas ulit. Nakapagpaabot sa mga kasama kaya nakaramdam sila na buhay pa ako. ' Yun lang talagang hirap. Walang pagkain. Buti na lang may *3in1* akong kape. Ginuguhit-guhit ko tapos ilalagay sa dila. 'Yun ang panlibang ko sa sarili ko, babasain ng tubig, patak ng ambon. Malolobat pa ang *cellphone* sa pangalawang araw.

Tapos nung pangatlong araw, nakarinig ako ng lagaslas ng tubig. Naisip ko na kaya ko pang mabuhay hanggang apat na araw basta makarating sa may tubig. Malapit lang ang tubig pero mararating ko siguro yun sa isa, dalawang oras dahil hirap na rin. 'Di ako nawawalan ng pag-asa dahil may mga kasamang naghahanap sa akin. Inaasahan ko pa rin 'yun kahit wala na akong kontak at *cellphone*. Sabay 'nun pinaghahandaan ko na abutin at, syempre, mapatay ng kaaway.

Para makatagal pinanghawakan ko yung karanasan ng mga kasama na tinamaan rin, maghapon walang kain at walang kasama. Ang pampalakas ng loob ko, tanggapin ang kamatayan tapos tumabla sa kaaway.

**Rebolusyonaryong pagpapamilya**

Mahirap talaga ang buhay pamilyado sa kilusan. Nag-umpisa kaming mag-asawa na hindi magkakolektib, magkalayo. Matagal bago magkita, hindi katulad sa sibilyan na araw-araw magkasama. May panahong isang taon at kalahati bago magkita.

Tinanggap naming mag-asawa 'yung mga ganung sakripisyo. Hindi kami nag-isip kailanman na umalis. Basta napaghandaan ang paglalayo ay hindi magiging mahirap dahil para sa ating mga rebolusyonaryo, ang pangunahin ay 'yung ating misyon, responsibilidad at tungkulin.

Tsaka may panahon naman na para sa pamilya. May panahon ng dalaw, pagkikita, tapos may panahon ding magkasama nang medyo mahaba-haba. Ang magandang bagay ay merong katuwang at anak dito sa rebolusyon.



**Rebolusyonaryong ama**

Bago kami pumasok sa pagpapamilya, pag-aanak ay inihanda namin ang aming pamilya. *Full support* ang mga kapamilyang nag-alaga sa anak namin. Syempre normal lang yun na minsan ay nag-aalala, nag-iisip, ano kaya ang buhay ng anak, anong kinakain. Mahirap pero nandun lagi ang suporta at tulong ng organisasyon.

Ang isang kinaharap namin ay 'yung paniningil ng aming anak. Nung nagkaisip na siya, nagkaedad na ng 15, 16 ay nagtatanong na at hinihimok kaming umuwi para makasama na nila.

Tapos nung maliit pa, ayaw sumama sa amin, umiiyak dahil hindi kami lubos na kilala. Patutulugin mo muna bago mo mayakap, makalong. Paggising, iyak na naman, punta sa tagapag-alaga. Tapos tatampi-tampiin ka.

Pero kahit ganun tuluy-tuloy naming pinopropagandahan at pinapapasok sa loob ng sona ang anak namin, hanggang sa naunawaan niya, namulat rin siya. Hanggang sa kumilos rin siya. 'Yun ang napakagandang bagay at isa rin sa hangad namin sa pagtatayo ng rebolusyonaryong pamilya.

**Mensahe sa mga gustong maging Hukbo**

Sa susunod na henerasyon, ang unang-una dyan ay imulat ang kani-kanilang pamilya para maunawaan ang ginagampanan nilang tungkulin sa rebolusyon. At sa mga magulang, para hindi singilin ng kanilang mga anak at para makatulong rin natin ang mga bata ay magandang maimulat sila. Sa mga kabataan ngayon lalo na yung mga responsable, mahusay ang pamilya at walang problema sa seguridad, ay mahimok na maghukbo. Sa kalagayan na ang ating digma ay paigting nang paigting, kailangang paramihin natin, palakasin ang ating Hukbo. Wala tayong ibang mapagkukunan kundi mga kamag-anak, kapamilya, at syempre 'yung mga organisadong masa. Ang himok ko ay walang sawang pagpopropaganda kahit sa mga bata para habang lumalaki sila ay naituturo na sa kanila ang adhikain at prinsipyo ng kilusan. K

### *Rebolusyon lamang ang magpapalaya sa lahat ng kasarian*

# "Tinapay at kapayapaan!" (Bread and peace!)

Ito ang panawagan ng milyun-milyong kababaihang nagmartsa sa lansangan ng St. Petersburg noong Marso 8, 1917 para igiit ang mga pang-ekonomiya at pampulitikang karapatan ng mamamayan. Nanawagan sila ng kapayapaan sa pagwawakas ng Unang Digmaang Pandaigdig, pagpapabagsak sa pamumuno ni Czar Nicolas II ng Tsaristang Rusya at pagresolba sa kakulangan ng pagkain sa buong bansa. Sa paglahok ng kababaihang magsasaka sa sumunod na mga araw ng kanilang pagkilos, kasama sa dinalang panawagan ang "lupa" para sa mga magsasaka naging "tinapay, kapayapaan at lupa".

Kumilos at lumahok ang mga kababaihan sa demokratikong rebolusyon para palayain ang lipunang Ruso at kamtin ang isa sa pinakamalaking tagumpay ng uring proletaryado sa buong mundo, ang dakilang Rebolusyong Oktubre ng 1917 na siya ring nagluwal sa ginugunitang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan kada taon.

Mahalaga ang paglahok ng mga kababaihan sa rebolusyon upang kamtin ng uring proletaryado ang hinahangad nitong ganap na kalayaan. Patuloy na niyayakap at itinataguyod ng pinakainaaping mamamayan ang rebolusyon na siyang nagdudulot ng tunay na panlipunang pagbabago. Sa ngayon, hindi na lamang kababaihan ang nagsusulong ng demokratikong rebolusyon kundi maging ang mga may piniling kasarian (MPK) o mga LGBT *(lesbians, gays, bisexuals and transgender)*.

Matapos ang tagumpay ng dakilang Rebolusyong Oktubre ng 1917, makasaysayang humakbang ang Sosyalistang Rusya upang ipakita na itinataguyod ng sosyalismo ang pantay na karapatan sa lipunan ng lahat ng kasarian.

Makalipas a ng dalawang buwan, kagyat na umaksyon ang Unyong Sobyet noong Disyembre 1917 laban sa pang-aapi sa ibang kasarian kahit na wala pa noong malakas na kilusan ang mga may piniling kasarian sa Sosyalistang Rusya.

Kagyat na ibinasura ang batas laban sa mga MPK at itinaguyod ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at gobyerno ng Unyong Sobyet ang pagkilala sa mga may piniling kasarian sa punto de bista ng siyentipikong pag-aaral at pananaliksik. Itinaguyod ng Sosyalistang Rusya ang prinsipyong dapat na pawiin ang pagsasamantala sa mga MPK at mali na paruhasan ang isang indibidwal batay sa kanyang oryentasyong sekswal.




Nagpatupad ang sosyalistang Sobyet ng mga batas upang pangalagaan ang kapakanan ng mga kababaihan sa mga pabrika, sektor ng agrikultura, at maging sa pagpapamilya tungo sa ganap pagpapalaya sa kanila. Kabilang dito ang Kodigo sa Paggawa noong 1918 na nagbigay ng panahon ng pahinga para sa mga kababaihang manggagawang nagpapasuso ng sanggol, walong linggong *maternity leave* na may sahod, ipinagbawal ang panggabing trabaho at overtime sa mga buntis, *leave* sa panahong may regla, at iba pa. Pinatunayan nitong kung walang rebolusyon, hindi ganap na lalaya ang mga kababaihan at mga MPK mula sa gapos ng pang-aapi at pagsasamantala.

Ilan lamang ito sa mga nakamit ng pinakainaaping mamamayan matapos ang tagumpay ng dakilang Rebolusyong Oktubre ng 1917.

**Ang kababaihan at MPK sa malakolonyal at malapyudal na lipunan**

Sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan, tunay na hindi pantay ang pagtingin sa mga kababaihan at mga MPK. Kung tutuusin, patuloy na nagiging biktima ang mga sektor na ito ng talamak na diskriminasyon na nauuwi

sa pangungutya at karahasan. Iginagapos sila ng kolonyal, burges-dekadente at pyudal na kultura na lumulukob sa buong lipunan.

Taliwas sa nais ipakita ng burges na masmidya, hindi tunay na malaya ang mga kababaihan at MPK sa bansa. Nananatiling mababa ang pagtingin sa kanila ng lipunang Pilipino at kakabit nito ang patuloy na makauring pagsasamantala at pang-aapi sa kanilang hanay.

Sa mga pagawaan, kabilang ang mga kababaihan at may piniling kasarian sa mga manggagawang kontraktwal na nananatiling walang kasiguruhan sa trabaho at mababa ang sahod. Sa ilang mga kaso, may mga pagawaang hindi tumatanggap ng mga kababaihang manggagawang may asawa dahil sa pag-iwas sa pagkakaloob ng *maternity leave* na anang mga kapitalista'y 'malaking kabawasan sa produktibidad ng paggawa'. Kasabay ng pagsasamantala sa kanilang murang lakas-paggawa, nakakaranas din sila ng diskriminasyon at karahasang sekswal.

Sa mga lupang sakahan naman sa malawak na kanayunan, kabilang ang mga kababaihan at MPK sa pumapasan ng hambalos ng matinding pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Bahagi sila ng malaking bilang ng uring magsasaka na hindi nagtatamasa ng mga batayang serbisyong panlipunan. Nakatali sila sa pang-aaping pyudal na nakaugat sa monopolyong kontrol sa lupa. Sa mga kanayunan sa rehiyon, mas mababa ang sahod ng mga kababaihang manggagawang-bukid kumpara sa mga lalaki. Mas masahol naman sa hanay ng mga pambansang minorya, libreng pagkain lang ang natatanggap ng mga kababaihang magsasaka kapalit ng kanilang trabaho.

Sa lipunang Pilipino, nahihirapan ang mga MPK na ipahayag ang kanilang tunay na identidad at oryentasyong sekswal dahil sa takot sa pangungutya. Nagiging biktima sila ng karahasang dulot ng pagkamuhi sa mga MPK tulad ng nangyari sa *transgender* na si Jennifer Laude na pinaslang ng sundalong Amerikano na si Joseph Scott Pemberton noong 2014. Talamak din ang mga nagaganap na '*hate crimes*' o krimeng dulot ng diskriminasyon sa kasarian at lahi na bumibiktima sa maraming MPK dahil sa mapang-aping kalikasan ng malapyudal na lipunan. Sa mahabang panahon, nananatiling pinakamababa ang pagtingin sa mga kababaihan at mga MPK.

***Kung walang rebolusyon, hindi ganap na lalaya ang mga kababaihan at mga may piniling kasarian mula sa gapos ng pang-aapi at pagsasamantala.***

**Rebolusyonaryong pagtingin sa mga kababaihan at MPK**

Para naman sa mga tunay na rebolusyonaryo, hindi usapin ang kasarian sa marubdob na hangaring palayain ang bayan mula sa kuko ng pagsasamantala at pang-aapi. Hangga't hindi lumalahok ang mayorya ng sambayanan sa demokratikong rebolusyon, magiging pangarap na lamang ang minimithing tunay na kalayaan at demokrasya.

Mataas ang pagkilala ng rebolusyonaryong kilusan sa mga kababaihan at mga MPK. Isinusulong ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan ang pagkakaroon nila ng pantay na karapatan. Tinitiyak ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan na napapangalagaan ang kanilang mga karapatang pampulitika at sibil na nararapat lamang na kanilang natatamasa. Higit sa lahat, ang kilusan para sa pagpapalaya sa kababaihan at mga MPK ay bahagi ng mas malawak na kilusan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa loob mismo ng Partido at Pulang hukbo, tinatamasa ng mga kababaihan at mga MPK ang pantay na karapatan sa kalalakihan. Isinusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang pakikibaka ng kababaihan para sa pantay-na-karapatan at pantay-na-oportunidad laban sa sobinismo ng kalalakihan at pyudal na patriyarkal na mga gawi, institusyon at mekanismo. Malinaw ding inilalahad ng Programa ng Pambansa-Demokratikong Rebolusyon ang pagtataguyod sa karapatan ng mga lesbyana, bakla, *bisexual, transgender* at sa malayang paglalahad ng kanilang identidad at ang pagsuporta sa mga pakikibaka laban sa lahat ng anyo ng diskriminasyon.

Hindi matatawaran ang ambag ng lahat ng kababaihan at mga MPK sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Hindi na mabilang na mga bayani at martir ang nagmula sa kanilang hanay kabilang sina Lorena Barros, Rosario Lodronio Rosal, Pamela Jane Lapiz, Raquel Aumentado, Roval Valerio at Ian Maderazo. Walang pag-iimbot nilang inialay ang kanilang kaisa-isang buhay alang-alang sa interes ng sambayanan sa diwa ng pagpawi sa lahat ng tipo ng pang-aapi at pagsasamantala.

Tulad ng mga kababaihang Rusong nanawagan noon ng tinapay, kapayapaan, at lupa, muling isinisigaw ng lahat ng inaaping uri at sektor sa daigdig ang dakilang panawagan para sa kabuhayan at karapatan ng mga kababaihan at MPK sa pamamagitan ng armadong rebolusyon na siyang magpapalaya sa buong sangkatauhan. K

# Katas ng tubó
# Pagsasamantala at liberalisasyon sa industriya ng asukal

Mula sa mga sakahan hanggang sa pamilihan ay ramdam ang hagupit ng liberalisasyon sa agrikultura. Saklaw nito ang mga mayor na produktong agrikultural tulad ng kopra, bigas, at ang nagpapatamis sa bawat tasa ng kape at kakaning Pilipino—asukal.

Sa dikta ng imperyalismo US, niliberalisa ng reaksyunaryong gubyerno ang sektor ng agrikultura kasama ang industriya ng asukal sa bisa ng Agricultural Tarrification Act of 1996. Bunsod nito ay bumaha ang *imported* na asukal sa Pilipinas at pinahina ang lokal na produksyon ng asukal. Pinalala rin nito ang pagsasamantalang pyudal na umiiral sa mga tubuhan mula pa noong itinayo ng mga Kastila ang mga asyenda.

Matagal nang lumilikha ng asukal ang magsasakang Pilipino. Matagal na rin silang ninanakawan ng tubo ng mga panginoong maylupa, malaking burgesya komprador at imperyalista na nagmomonopolyo sa industriya ng asukal. Sa pagpapatindi ng liberalisasyon sa agrikultura ng rehimeng US-Duterte, lalong papait ang buhay ng anakpawis na umaasa sa industriya ng asukal.

**Pagpiga ng tubo mula sa magsasaka**

Kontrolado ng mga PML, MBK, at imperyalista ang industriya ng asukal mula sa pagtatanim ng tubó, paggiling nito sa mga sentral o asukarera, hanggang sa pagbebenta nito sa pamilihan. Halimbawa nito ang pamilya Roxas sa Batangas na nagmamay-ari ng higit 2,000 ektarya ng tubuhan. Si Don Pedro Roxas ang may-ari ng Central Azucarera de Don Pedro na isa sa pinakamalaking repineriya ng asukal sa buong bansa. Kabilang ang mga Roxas sa kartel sa asukal sa Cavite, Batangas at Laguna.

Pangunahing biktima ng pagsasamantala sa industriya ng asukal ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga tubuhan.

Nananatiling malaganap sa mga tubuhan ang sistemang kasamá at mataas na upa sa lupa, kung saan pinapasan ng magsasaka ang kalakhan ng gastos sa produksyon habang walang kahirap-hirap na tumatanggap ang PML ng kanyang parte sa pinagbentahan ng tubó. Dahil dito'y nalulubog ang mga kasamá sa utang at nabibiktima ng usura na umaabot sa 300%. Sa ganitong partihan nagugutom ang mga kasamá at ang kanilang pamilya na pinagbabawalang magtanim sa tubuhan ng ibang uri ng pananim gaya ng gulay at butil.

Talamak sa mga tubuhan ang mababang sahod sa mga manggagapak o manggagawang bukid sa tubuhan. Sa Batangas kung saan nakakonsentra ang malalawak na tubuhan sa rehiyon, naglalaro sa P250 kada tonelada o di kaya'y pakyawan na P2,000-4,000 depende sa laki ng tubuhan. Walang benepisyong natatanggap at kadusta-dusta ang kalagayan sa paggawa ng mga manggagapak. Karamihan sa kanila ay biktima ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa mga pinagmulan nilang bayan sa Quezon at Bikol. Gayon din ang kondisyon sa mga asukarera na pagmamay-ari rin ng mga PML.



Nandaraya rin ang mga PML at MBK sa likidasyon o kwentahan ng napa-ilong* asukal mula sa tubó. Karaniwang binababaan ng MBK ang grado ng tubó o *pureza* habang inaantala naman ng PML ang pagbibigay ng kaparte ng kasamá. Ginigipit nila maging ang maliliit na plantadores o *sugarcane planters* sa pamamagitan ng pagmamanipula sa iskedyul ng *trucking* at paniningil ng mataas na bayarin para sa paghahakot ng tubó.

Sagad sa pagkagahaman ang mga PML at MBK, na kinakamkam pati ang asukal na para sa pamilya ng mga kasamá. Sila rin ang kasangkapan ng imperyalismo sa pambabansot sa lokal na industriya ng asukal upang hindi ito kailanman maging kakumpitensya ng mga mauunlad na bansang nagpoprodyus din ng asukal at mga alternatibong pampatamis gaya ng *high fructose corn syrup*. Kalakhan ng murang *imported* na asukal na dinadala sa Pilipinas ay nagmumula sa mga kumpanya ng US na nakabase rito sa Asya.

**Perwisyong dulot ng liberalisasyon**

Sa ngayon, higit sa limang beses na mas mahal ang lokal na asukal na nasa P1,560 kada sako habang pumapalo lamang sa P300 kada sako ang *imported* na asukal. Bukod sa mababang presyo, dagdag na pang-akit sa mga lokal na *trader* na bumibili ng asukal ang *zero tariff* o kawalan ng taripa sa pag-i-*import*. Bukod pa rito ay nag-*iimport* sa bansa ng iba pang tipo ng pampatamis

tulad ng *corn sugar* at *fructose* na mas mura kaysa sa lokal na produkto.

Sa tindi ng epekto ng importasyon sa lokal na industriya ay umangal na ang mga plantadores sa Batangas. Nakipagdayalogo ang kanilang grupo sa Sugar Regulatory Authority tungkol sa importasyon ng asukal nitong Pebrero na sinabayan ng mga magsasaka ng kilos-protesta sa labas ng ahensya.

Sa laki ng agwat sa presyo, tiyak na pababagsakin ng importasyon ang lokal na industriya ng asukal. Kahit patawan ng 30-40% na taripa ang *imported* na asukal ay tataas lamang ang presyo nito tungong P390-420 kada sako. Mas mababa pa rin ito ng higit P1,000 kada sako sa lokal na asukal.

Kung magpapatuloy ang walang patumanggang importasyon ng asukal ay libo-libong magsasaka at sakada sa mga tubuhan ang magdurusa. Sa Batangas pa lamang ay tinatayang 10,000 maralitang magsasaka at plantadores ang nanganganib mawalan ng hanapbuhay dahil sa lansakang importasyon ng asukal.

Pinalalabas ng reaksyunaryong gubyerno na paborable sa mga *consumer* o mamimili ang pag-i-*import* ng asukal dahil mas mura ito. Subalit kung susubaybayan ang presyo ng asukal sa mga tindahan at palengke, nakapako na ito sa P50-60 kada kilo batay sa tipo ng asukal. Sa huling linggo ng Marso ay iniulat ang pagtaas ng presyo ng asukal ng P2-5 kada kilo sa mga palengke.

Hindi nakikinabang ang sambayanang Pilipino sa liberalisadong kalakaran sa industriya ng asukal. Ang totoong gumaganansya at kumikita ng malaki sa pagliliberalisa sa industriya ng asukal ay ang mga imperyalistang nagkakamal ng malaking tubo dahil sa bagsak na presyo ng asukal nito at mga kasapakat nitong MBK na tumutubo ng lugaw dahil sa arbitraryong pagtatakda ng presyo ng asukal sa merkado.

Hangga't nangingibabaw ang imperyalismo sa bansa ay hindi matatamasa ng mga magsasaka at manggagawang-bukid sa tubuhan ang tamis ng maginhawang buhay. Kailangan nilang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang makaalpas sa kanilang dustang kalagayan at ganap na mapaunlad ang lokal na industriya ng asukal.

Sa pagtatagumpay ng rebolusyon magaganap ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na magpapalaya sa masang magsasaka mula sa pyudal na pagsasamantala at magtitiyak ng suporta at proteksyon ng industriya ng asukal laban sa kontrol ng dayuhang monopolyong kapital.

**ilo - proseso ng milling ng tubó upang makagawa ng asukal*

## Buwan ng BHB, ipinagdiwang sa TK

Buong-siglang sinalubong ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan ang ika-50 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan sa pamamagitan ng pagdiriwang ng Buwan ng BHB ngayong Marso 2019. Sinasaluduhan ng mamamayan ang BHB sa patuloy nitong pagbigwas sa pasistang AFP-PNP-CAFGU at sa Oplan Kapayapaan/NTF ng rehimeng US-Duterte.

Bukod sa mga taktikal na opensiba ng Melito Glor Command – BHB TK laban sa pasistang AFP-PNP-CAFGU, naglunsad ng iba't ibang tipo ng selebrasyon ang mamamayan ng TK at BHB bilang pagdiriwang sa ika-50 anibersaryo . Bitbit ang panawagan ng Komiteng Rehiyon ng TK na "Dalhin sa Tagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan sa pamamagitan ng Matagalang Digmang Bayan", buong-optimismong tinatanganan ng mga Pulang kumander at mandirigma at mamamayan ng TK ang tungkuling isulong ang digmang bayan sa estratehikong pagkapatas sa nalalapit na panahon.

Sa mga larangang gerilya sa kanayunan, nagdaos ng mga pagtitipon at pulong masa ang mga samahang masa at yunit ng BHB. Masiglang tumugon at nakiisa ang rebolusyonaryong mamamayan sa mga idinaos na mga desentralisadong aktibidad sa mga larangang gerilya ng Rizal, Laguna, Batangas at Quezon hanggang sa mga islang probinsya ng Mindoro at Palawan.

Lumahok sa mga pagdiriwang na ito ang mga masa sa lokalidad, mga tagasuporta ng BHB mula sa kalunsuran at mga makabayang Pilipinong galing sa ibang bansa. Malaking bahagi ng mga inilunsad na programa ang kampanyang pagpapasampa sa BHB ng mga pinakamabubuting anak ng bayan mula sa kanayunan at kalunsuran. Sinariwa sa inilunsad na mga pagdiriwang ang maningning na kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa TK mula dekada '70 kung kailan nagsimulang ilatag ng Partido ang unang mga Sandatahang Yunit Pampropaganda sa iba't ibang bahagi nito.

Sa mga sentrong bayan at lungsod ng rehiyon, naglunsad ng mga lihim na programa ang mga organisasyong masang kaalyadong kasapi ng National Democratic Front at mga tagasuporta ng hukbong bayan. Naglunsad din sa kalunsuran ng mga raling iglap at operasyong dikit at pinta ng mga panawagang 'Mabuhay ang BHB! Sumapi sa Hukbong bayan!' at 'Pakamahalin ang BHB!'.

Sa pahayag nito sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng BHB, iniaatang ng Komiteng Rehiyon ng TK ang mga tungkulin ng Melito Glor Command sa mga darating na panahon.

"Gamitin nating puhunan ang mga natipong tagumpay sa loob ng 50 taon upang dalhin ang digmang bayan mula sa gitna tungong abanteng subyugto ng estratehikong depensiba. Maghanda para sa mas maigting na salpukan sa mga susunod na buwan at sa darating na mga taon at salubungin ang ika-51 anibersaryo ng NPA ng mas malalaki at maniningning na tagumpay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, reporma sa lupa at pagbubuo ng baseng masa," bahagi ng mensahe ng KRTK.



## BHB, binigwasan ang AFP, CAFGU sa Mindoro at Batangas

Sinalubong ng dalawang taktikal na opensiba ng BHB-Mindoro at BHB-Batangas ang pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng BHB sa TK na nagresulta sa tatlong kaswalti, isang malubhang sugatan at dalawang patay sa hanay ng AFP at CAFGU.

Tagumpay ang operasyong isnayp ng isang tim ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro laban sa 203rd Brigade ng AFP sa Barangay Maria Concepcion, Socorro, Oriental Mindoro at ang naunang operasyong bomba-haras ng isang yunit ng Eduardo Dagli Command (EDC) sa kampo militar ng 59th IBPA at CAFGU sa Barangay San Marcelino, Taysan, Batangas na parehong isinagawa nitong Marso.

Tumama sa dibdib ng isang sundalo ng 203rd Brigade ang pinakawalang putok ng matalas na isnayper ng LdGC noong Marso 29. Bigo ang 203rd Brigade na gantihan ang isnayp tim na mabilis na nakaatras matapos ang operasyon.

Inisnayp ng LdGC ang 203rd Brigade bilang kontra-opensiba sa tuluy-tuloy na *pursuit operation* nito sa probinsya matapos ang reyd at pagwasak ng BHB sa *hydropower plant* ng Sta. Clara Power Corporation sa Naujan noong Pebrero.

Binomba at hinaras naman ng EDC ang 59th IBPA at CAFGU sa Barangay San Marcelino, Taysan noong Marso 19. Protektor at bantay ang 59th IB at CAFGU ng mapaminsalang *quarry* na matagal nang inirereklamo ng mga residente. Dalawa ang namatay sa tropa ng mga militar na lihim na kinuha ng pribadong sasakyan at itinago upang pagtakpan ang pinsala sa kaaway.

Ipinakita ng mga opensiba ng BHB sa TK ang patuloy na paglakas ng Pulang hukbo na limang dekada nang binibigo ang reaksyunaryong armadong pwersa mula nang itatag ito noong Marso 29, 1969. K





## *Mamamayan ng Batangas, kinundena ang Balikatan*

Nagtipon ang higit 500 mamamayan sa kapitolyo ng Batangas noong Marso 29 upang tutulan at kundenahin ang Balikatan 2019 ng rehimeng US-Duterte.

Kasama ang Batangas sa mga probinsyang pinaglunsaran ng Balikatan 2019 mula Abril 1-12.

Perwisyo at paglabag sa karapatang tao ang dulot ng Balikatan 2019. Iniulat ng residente ng Brgy. San Diego, Lian ang maya't mayang pagpapalipad ng *helicopter*, habang magkasama namang nag-ooperasyon ang mga sundalong Amerikano at Pilipino sa Brgy. Sto. Domingo, Batangas City.

Pinatindi rin ang mga operasyong militar at sensus ng pinagsamang pwersa ng PNP at 1st IBPA sa bayan ng Nasugbu, San Juan at Rosario. Ginagamit naman ng mga sundalong dineploy sa limang barangay sa tabing-dagat ng bayan ng Lian ang mga *barangay hall* bilang kampuhan at detatsment ng AFP. K

## Sundalo ng 85th IB, patay sa engkwentro ng BHB at AFP

Patay ang isang sundalo bukod pa sa di mabilang na sugatan sa naganap na engkwentro sa pagitan ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan at 85th IBPA noong hapon ng Marso 8, 2019 sa Sityo Tanauan, Barangay Villa Nacaob sa bayan ng Lopez.

Mag-iisang linggo nang nag-ooperasyon ang mga sundalo sa naturang barangay nang makasagupa ang isang yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon. Walang naitalang kaswalti sa tropa ng Pulang hukbo.

Simula Pebrero, tinambakan na ng mga sundalo ang mga baryo sa Macalelon, Lopez at Gumaca. Layunin nilang ipatawag sa kampo ang mga taumbaryo para pasukuin ang mga hinihinalang may kaugnayan sa CPP-NPA-NDF.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC, hindi na bago ang pagiging militarisado ng kanayunan ng Quezon. "Pinatindi nga lamang ngayon ang pandarahas sa mga magsasaka alinsunod sa utos ni Duterte na lipulin ang NPA hanggang kalaghatian ng taon."


"Ang karamihan sa iniuulat ng AFP na 608 *rebel returnees* mula Enero ay yaong mga pangalan ng magsasakang arbitraryong inilagay nila sa pekeng listahan. Mas maraming lista, mas malaking perang makukulimbat sa ilalim ng gatasang bakang Enhanced Comprehensive Local Integration Program."

Nakapagtala ang AMC ng serye ng mga pekeng pagpapasuko mula pa noong nakaraang taon. Kabilang dito ang 11 residente ng bayan ng Lopez na napasama sa mahigit 200 *rebel returnees* na dinala sa Malacañang noong Pebrero 2018.

Naidokumento rin ng BHB ang insidente ng 14 taumbaryo ng bayan ng San Francisco, noong Nobyembre, na inimbitahan sa isang pagtitipon ng DSWD para maging benepisyaryo ng proyektong pangkabuhayan pero isang programa pala ng "pagbabalik-loob sa pamahalaan".

Mula Enero, naging karaniwan ang pagbabahay-bahay ng mga sundalo para sa sensus, pagpapapunta ng mga taumbaryo sa kampo, pag-iinteroga hanggang paghahalughog sa mga bahay ng masa. Tampok na kaso ng panghaharas ang ginawang interogasyon at paghalughog sa bahay ni Diego Remolin ng Barangay Malabahay, Macalelon noong nakaraang Pebrero.

Sa nakaraang linggo ay may naitalang humigit-kumulang na 300 sundalong nagrerelyebohan sa pag-ooperasyon sa Binahian, San Rafael, Cogorin, San Francisco-B sa Lopez; at San Jose, Vista Hermosa, Villa Nacaob at Malabahay sa Macalelon at iba pang mga bayan sa Bondoc Peninsula. K


ARMAS-TK
AND
NEW PEOPL
Cherish
THE NPA
#JointheNewPeople'sArmy